

Pagdidiskurso sa *Nihonjinron* at *Kokusaika* sa Pagkatuto ng Pangalawa at/o Pangatlong Wika ng mga Mag-aaral na Hapon: Kaso ng Ingles at Filipino

Mary Joy Sawa-an¹ and Jeffrixx S. Parajas²

Polytechnic University of the Philippines¹,
Polytechnic University of the Philippines-Taguig City Branch²
mjsawaan@pup.edu.ph¹, jsparajas@pup.edu.ph²

Abstract

Japan is known for its culture as a nationalistic country with tremendous love for their language and culture that is being imposed to its people, also known as '*Nihonjinron*' or 'Japaneseness'. In education, they also learn foreign language like English, Mandarin, Spanish and even Filipino to achieve internationalization among other countries or to put in concept, it is called '*Kokusaika*'. Notes on the ideology of *Nihonjinron* and *Kokusaika* were analyzed using the Critical Discourse Analysis (CDA) from several experts on the subject, including Befu (1983), Manabe (1993), Sugimoto (1999), Liddicoat (2007), and Rear (2017), to determine the interpretation of the two ideologies that focus on learning the foreign language particularly the English and Filipino of the Japanese people in Kagoshima, Japan that pervade their education system. Three factors from the study of the Japanese foreign language appear to be contextualized through *Nihonjinron* and *Kokusaika* ideology. First, there is a problem with communicative competence, which favors grammar above communication. Second, the lack of a global viewpoint that pervades the objective of foreign language acquisition, and finally, the intercultural awareness that encompasses the manner a foreign language is taught.

Keywords: Filipino language, *Kokusaika*, *Nihonjinron*, Language Planning, Second Language Learning

PANIMULA

Wika ang isa sa instrumento ng pag-unlad ng tao sapagkat daan ito sa pagkakaroon ng komunikasyon sa kapwa. Esensiyal din ang wika sa pagpapaunlad maging ng isang bansa kaya naman kinasasangkapan ang edukasyon sa pagkakaroon ng pag-aaral at pagkatuto ng iba't ibang wika. Itinuturing na maunlad ang isang bansa na sabay pinaunlad ang ekonomiya at ang sariling wika na kaugnay maging sa kultura. Hindi maipaghihiwalay ang wika at kultura sapagkat wika ang nagpapahayag ng mga paniniwala, pag-uugali at tradisyon ng isang bansa tungo sa epektibong pag-unawa sa nilalaman nito. Kaya naman, sa

pagkatuto ng isang wika, kinakailangang pumapaloob ang pagtuturo nito sa pag-aaral ng wika at kultura ng bansa upang ganap na matutuhan ng mag-aaral ang kinapapaloobang diskurso ng pagpapahayag sa nasabing wika.

Isa ang wikang Ingles sa matagumpay na wikang inaaral sa iba't ibang panig ng mundo sapagkat itinuturing ito bilang unibersal na wika. Wikang may kakayahang mag-ugnay sa mga taong nagsasalita ng iba't ibang wika kaya naman may pangangailangan sa pagkatuto. Nakaugat ang pagiging unibersal nito dahil sa kaunlarang tinataglay ng Estados Unidos bilang bansa na Ingles ang ginagamit na pangunahing wika. Maihahanay ang Estados Unidos bilang *First World* dahil may taglay itong kaunlaran sa usaping ekonomikal, politikal, kultural at wika.

Maituturing din na maunlad ang bansang Japan sa usaping ekonomikal, politikal at higit lalo sa wika at kulturang taglay ng mga Hapon. Masasalamatin ito sa diskurso ng '*Nihonjinron*' o '*Japaneseness*' na binigyang kahulugan bilang diskursong nag-uugat sa pagkakaiba ng kultura ng mga Hapon sa kultura ng iba't ibang bansa upang makabuo ng sariling kultural na identidad (Manabe at Befu, 1993). Itinuturing ang *Nihonjinron* bilang isa sa pinakakilalang genre o '*well-recognized genre*' (Befu, 1993) ng pag-aaral o diskurso sa Japan na pinagdedebatehan kaya naman inihahanay rin bilang ideolohiya.

Bilang bahagi ng internasyonalisasyon ng bansang Japan, binigyang puwang sa edukasyon ang pag-aaral ng mga banyagang wika sa pamamagitan ng '*Kokusaika*' bilang porma ng internasyonalisasyon o anyo ng westernisasyon at Amerikanisasyon ng lipunang Hapon, sa pagpapalawak ng ekonomikong interes ng Japan sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pangkulturang pagkakaunawaan (Zafra, 2012). Espasyo ang pag-aaral ng wikang Ingles at Filipino upang matugunan ang layunin ng *Kokusaika* na maipalaganap ang ekonomikong interes ng Japan sa bansang Pilipinas maging ang pagkakaroon ng kultural na pagkilala at pakikipag-ugnayan (Kubota, 1998). Sa ganitong lagay, may pangangailangan ng pagpapaigting ng wika at kultural na aspekto ng mga Hapon na tuwirang ibinibigay ng konsepto ng *Nihonjiron* na tumutukoy sa pagkintal ng sariling identidad sa mga Hapon habang sumasabay sa kalakaran ng ekonomiya at politika ng mga kanluraning bansa bilang diskurso ng *cultural nationalism* (Sugimoto & Mouer, 1982).

Layunin ng papel na talakayin ang sistema ng pagkatuto ng pangalawang wika at ikatlong wika ng mga mag-aaral na Hapon partikular ang wikang Ingles at Filipino mula sa Kagoshima University, Japan at maisakonteksto ito sa diskurso ng *Nihonjinron* at *Kokusaika* upang matukoy ang mga salik sa pagkatuto ng dayuhang wika ng mga Hapon na tumatagos sa usapin ng paraan ng pag-aaral

[114] Sawa-an, Mary Joy and Parajas, Jeffrixx S.

ng wika, layunin sa pag-aaral ng dayuhang wika at pagsasaalang-alang sa kultura ng wikang gamit sa pagkatuto at wikang inaaral ng mga mag-aaral.

Ang Diskurso ng *Nihonjinron* sa Lipunang Hapon

Nagsimulang umingay ang usapan tungkol sa diskurso ng *Nihonjinron* (kilala rin sa tawag na *Nihonron*, *Nihon Bunkaron* at *Nihon Shakairon*) sa Japan matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig kaya naman sa tala, maraming mga manunulat ang nakalikha ng mga aklat na pumapaksa sa *Nihonjinron* sa pagitan ng mga taong 1945 at 1978 (Nomura, 1978). Tumutukoy ang *Nihonjinron* bilang diskurso sa pagtamo ng kultural na identidad ng mga Hapon na kaiba sa kulturang tinataglay ng iba't ibang bansa partikular sa kultura ng mga tagakanluranin o *western* (Manabe & Befu 1993; Morris-Suzuki 1998; Mouer & Sugimoto 1986). Iniuugnay rin ito sa demograpikal na aspekto ng bansang Japan kung saan itinuturing na taglay lamang ito ng mga Hapon na nagmula sa pangkat ng Yamato at hindi kasama ang mga pangkat ng Ainu na matatagpuan sa hilagang bahagi ng Japan at Okinawan na mula sa isla ng Okinawa sapagkat hindi itinuring bilang *genuine* na Hapon. Kaya naman, tumutukoy ang *Nihonjinron* bilang kulturang pang-etniko (*ethnic culture*) na tanging pagmamay-ari ng mga Hapon kaya nagmula sa terminong *nihonjin* (*people of Japan*) (Sugimoto, 1999). Nagtataglay ng hegemoniya sa ideolohiya ang diskurso ng *Nihonjinron* na naitatala sa mga pag-aaral na may kaugnayan sa mga Hapon (Mouer & Sugimoto 1986; Befu 2001; Liddicoat 2007; Yamamoto 2015).

Sa papel ni Sugimoto (1999), tinukoy niya ang tatlong elementong inuugnay sa *Nihonjinron* – ang pagkakakilanlan (*nationality*), pinagmulan (*ethnicity*) at kultura (*culture*). Kaya naman, maituturing na monokultural at monolingguwal ang kinasasangkapan ng klase ng lipunang tinataglay ng mga Hapon na maiuugat din sa pagpapaigting ng paggamit ng wika at mga symbolismong nagpapatibay sa nasyonalismo sa bansa. Sa pag-aaral ni Rear (2017), sa modernong panahon, iniuugnay ang *Nihonjinron* sa tatlong punto – *kokoro* (*heart and soul*) na nangangahulugan bilang pagsasalihat o pagsasaisa ng identidad ng mga Hapon sa kultura at lipunan. Sa paglipas ng panahon, nabuo ang *kosei* (*individuality*) at *kokusaika* (*internationalization*) na itinuturing namang alternatibo sa hegemonyang dulot ng *Nihonjinron* sa identidad ng lipunang Hapon.

Sa diskurso ng *Nihonjinron* bilang penomena na nagbibigay-kahulugan sa kultura at lipunang Hapon bilang kakaiba o *unique* sa ibang kultura dahil sa mga sumusunod na dahilan (Befu 1999; Manabe & Befu 1993; Rear 2017). Una, itinuturing na *homogenous* ang mga Hapon sa usapin ng pinagmulan kaya naman naging kakaiba at superyor ang mga ito sa ibang kultura. May iisang wika na

ginagamit ang mga Hapon at iisa rin maging sa kultura at relihiyong pinaniniwalaan. Ikalawa, may malakas na pangkatang kamalayan o *group consciousness* ang mga Hapon na kaiba sa kanya-kanyang pag-uugali ng mga Kanluraning bansa. Tinawag din ito bilang *Japanese Blood* na susi sa pagkakaroon ng mutual na pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Hapon sa pakikipagkomunikasyon, sa kultura at maging sa pisikal na anyo ay may pagkapare-pareho. Ikatlo, may diin sa pagkakaroon ng *cultural competence* kung saan hindi ganap na mauunawaan ng mga dayuhan ang kultura ng mga Hapon at kahit pa nga ang pagpapakahusay na aralin ang Nihongo at huli, kinakailangan ng partisipasyon ng bawat Hapon upang depensahan ang kanilang sosyokultural na teritoryo maging ang mga dayuhang may direktang ugnayan sa Japan sa usapin ng pagpapakasal, edukasyon, pagtatrabaho, at politika.

Ang Kokusaika o Internasyonalisasyon ng Bansang Japan

Mula nang umusbong ang malawakang globalisasyon sa daigdig, hindi na mapipigil ang pagpapatangay sa agos nito ng mga bansang nagnanais tumahak sa kaunlaran sa aspektong ekonomikal, politikal at sosyal. Maging ang bansang Japan na kilala bilang may maigting na pagpapahalaga sa kanilang bansa sa usapin ng wika man o kultura na tinalakay sa diskurso ng *Nihonjinron* ay hindi mapipigil ang pagpapaunlad ng kanilang bansa lalo na sa ekonomikal na larangan.

Isa ang internasyonalisasyon sa resulta ng malawakang globalisasyon sa daigdig. Daan ito sa pagkakaroon ng internasyonal na interaksyon sa iba't ibang bansa tungo sa katagumpayan sa paghagap ng sabay-sabay na pag-unlad. Tinatawag ang internasyonalisasyon na *Kokusaika* sa bansang Japan na binigyang-kahulugan ni Befu (1983) bilang malawakang penomenang umuugat sa pagkakaroon ng epekto ng kanluraning bansa sa mga Hapon, liberalisasyon sa pakikipagkalakalan, pamumuhunan ng Japan sa ibang bansa, interaksyon sa mga dayuhan, pagpapalawak ng kaalamang mula sa bansang Japan tungo sa ibang bansa, pag-unawa sa kultura ng ibang bansa, pagpapaunawa ng kultura ng mga Hapon sa ibang bansa, at pagkatuto ng dayuhang wika. Kaya naman, naging daan ang *Kokusaika* sa pagkakaunawaan ng mga Hapon at iba pang lahi na tinatawag na *kokusaika koryu*. Umuusbong itong interaksyon sa mga Hapon at ibang lahi sa pamamagitan ng pagpapalitan ng pagkatuto ng wika, kultura at kasaysayan ng isa't isa upang mapaunlad ang edukasyon, ekonomiya, pagnenegosyo, at politika.

Dagdag pa sa ideyang ito ni Befu at Mannari (1983), ang *Kokusaika* ay pagpapalakas sa identidad ng mga Hapon sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kaalamang may kaugnayan sa wika at kultura sa pamamagitan ng pagkatuto ng ibang bansa sa lipunang Hapon. Ipinakitang patunay ni Befu ang sabay na

[116] Sawa-an, Mary Joy and Parajas, Jeffrixx S.

pagkaroon ng pag-unlad sa ekonomiya at paglakas ng sentimyento ng mga Hapon sa nasyonalismo at kanilang identidad bilang mga Hapon.

Sa papel ni Goodman (2007), ayon kay Mushanokoji Kimihide, may dalawang klase ng pagiging Hapon sa ilalim ng internasyonalisasyon: (1) ang mga nais na ipakilala ang kanluraning kultura sa kapwa Hapon bilang inferior sa kanila o tinatawag na *yogakushinshi* at (2) ang mga hindi pinahihintulatang mabahiran ng kanluranin ang kanilang kultura o tinatawag na *toyogogetsu*.

Bilang kabahagi ng internasyonalisasyon ang edukasyon, binigyang-kahulugan ni Liddicoat (2007) ang *kokusaika* bilang pagtatagpo ng mga bansa sa usaping interkultural kung saan nagkakaroon ng pagtatamo ng pagkatuto ng wika o *language education*. Sinusugan ito ni Kubota (2002) at Morita (1998) kung saan ang *kokusaika* ay pagpapaunlad sa pagkatuto ng wikang Ingles ng mga Hapon sa pakikipagkomunikasyon.

METODOLOHIYA

Gamit ang Critical Discourse Analysis (CDA) na ayon kay Van Dijk (2004) ay isang interdisiplinaryong metodo ng pagdidiskurso ng wika bilang sosyal na pagsasapraktika o *social practice*. Layunin nitong maisiwalat ang relasyong sosyal (*social relations*), problemang sosyal (*social problems*), at gampanin ng diskurso sa produksyon at reproduksyon ng kapangyarihan o dominasyon sa pakikipagkomunikasyon. Gamit ang CDA, sinuri ang mga tala ukol sa ideolohiya ng *nihonjinron* at *kokusaika* mula sa ilang mga nagpapakadalubhasa sa paksa partikular ang tala nila Befu (1983), Manabe (1993), Sugimoto (1999), Liddicoat (2007) at Rear (2017) kaya naman gumamit din ng historikal na pananaliksik upang matukoy ang pagpapakahulugan sa dalawang ideolohiya na tumutuon sa pagkatuto ng dayuhang wika at kultura ng mga Hapon na tumatagos sa kanilang sistema ng edukasyon. Kinalap naman ang mga datos ukol sa sistema ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral na Hapon sa wikang Filipino sa Kagoshima University sa Japan sa pamamagitan ng metodong *participant observation* upang makapagsagawa ng obserbasyon sa klase ng Filipino for Beginners sa Kagoshima University bilang ang isa sa mga mananaliksik ay naging Language Teaching Assistant sa nasabing klase sa loob ng isang semestre. Ginamit din ang metodong Key Informant Interview kung saan nakapanayam ang propesor ng Filipino for Beginners ng Kagoshima University. Ang kaisa-isang guro lamang ng Filipino for Beginners ang nakapanayam ng mananaliksik sapagkat may kahirapan sa pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ng klase dahil sa suliranin sa pagkakaiba ng wika o *language barrier* sa pagitan ng Filipino at Nihongo. Sa

pangangalap ng datos naman ukol sa pagtuturo ng Ingles sa Japan, nangalap ang mga mananaliksik ng mga kaugnay na pag-aaral at artikulo ukol sa paksa.

RESULTA AT DISKUSYON

Sistema ng Edukasyon ng mga Mag-aaral na Hapon sa Pagkatuto ng Ingles at Filipino Bilang Pangalawa at/o Pangatlong Wika

Pagtuturo ng Wikang Ingles

Itinuturing ang wikang Ingles bilang unibersal o global na wika sapagkat gamit na wika ito sa pagsabay sa internasyonalisasyong inanak ng globalisasyon. Ayon nga kay Pha Le Ha (2013), hindi na pagmamay-ari ng mga nasa kanluraning bansa ang Ingles sapagkat isa sa pinag-uugatan na ang wikang ito ng kaalaman at karunungan ng halos lahat ng bansa sa mundo kaya naman wikang itinuturo at inaaral ang gampanin nito sa edukasyon.

Nakasunod ang sistema ng edukasyon ng mga Hapon sa sistemang pinaiiral ng mga Amerikano na mula sa edad na anim na taong gulang, ang mag-aaral ay kinakailangang pumasok sa paaralang primarya na may anim na baitang. Sunod naman ang mandatoryo na pagpasok sa *middle school* na may tatlong taon at pagpasok sa *high school* na may tatlo muling taon ngunit nasa estado ito ng pagiging *semi-mandatory*. Sa kabuuan, may labindalawang taon ng pag-aaral ang kinakailangan bunuin ng mga Hapon mula primarya hanggang sekondarya. Sa pagpasok naman sa kolehiyo o unibersidad na tinatawag na *daigaku*, maaaring pumili ang mga mag-aaral na Hapon kung ang kukuning kurso ay binubuo ng apat na taon o ang mga kursong kinakailangan lamang bunuin ng dalawang taon (Sugimoto, 1999). Kompulsaryo ang pagkuha ng pag-aaral sa wikang Ingles sa *middle school* at *highschool*. Noong taong 2011 naman nagsimulang ituro ang Ingles sa elementarya sa baitang 5 at 6. Pagdating naman sa kolehiyo, may mga asignaturang Ingles pa rin na maaaring kuhain ang mga mag-aaral mula sa una at ikalawang taon (Morita, 2017). Marami ring mga pribadong institusyon ang nagbibigay-serbisyo sa pag-aaral ng Ingles tulad ng mga tinatawag na *cram school* o *juku* na isang uri ng *review schooling*. Isa rin ang mga *International Schools* na nagtuturo ng iba't ibang wika mula sa ibang bansa kasama ang Ingles.

Ginagamit na metodo sa pag-aaral ng wikang Ingles ang *grammar-translation* kung saan malaking bahagdan ng gawain ay pagsasalin ng mga teksto mula sa wikang Ingles tungo sa wikang Hapones. Itinuturo ng guro na isang Hapon na gumagamit ng wikang Hapones sa pagtuturo at hindi *native* sa pagsasalita ng

[118] Sawa-an, Mary Joy and Parajas, Jeffrixx S.

wikang Ingles ang ilang tala sa gramatika ng Ingles at saka nagbibigay na mga teksto sa mga mag-aaral na isasalin ng salita-sa-salita (Rosenkjar 2015; Stewart & Miyahara 2011). Ayon kay Rosenkjar (2015), ang ganitong klase ng pagtuturo ng wikang Ingles ay pokus lamang sa guro o *teacher centered*. Makalumang teknik na rin ito bagamat kasalukuyang ginagamit pa rin sa maraming paaralan sa Japan.. Dagdag din ni Whitsed at Wright (2011), nagreresulta ang ganitong pag-aaral sa kakulangan sa pagkatuto sa pakikipagkomunikasyon sa wikang Ingles, pagsasawalang bahala sa kulturang kinikilingan ng wika, at kawalan ng global na perspektiba.

Sa papel ni Morita (2017) mula sa mga pag-aaral nina Rosenkjar (2015) at Steele at Zhang (2016), nagkaroon ng inisyatiba na baguhin ang metodo sa pag-aaral ng Ingles na nagsimula pa noong taong 1980 ngunit limitado pa rin dahil maging ang metodong ginagamit sa pagsasanay ng mga gurong magtuturo ng Ingles ay *grammar-translation method* din. Kahit pa manatili at mag-aral ang mga guro sa isang bansa na wikang Ingles ang pangunahing sinasalita, nalilimitahan pa rin ang paggamit ng *communicative competence approach* dahil sa mga *entrance examination* sa mga unibersidad na kinakailangan kuhain ng mga mag-aaral na papasok sa kolehiyo. Nakatuon kasi sa gramatika ang mga tanong sa wikang Ingles kaya naman higit na napapakinabangan ng mga ito ang *grammar-translation method* sa pag-aaral.

Isa ring paraan upang paigtingin ang pagkatuto ng mga Hapon sa pakikipagkomunikasyon sa wikang Ingles ay ang pagbuo ng Japan Exchange Teaching (JET) programme na nagsimula noong taong 1987. Layunin nitong makapagpadala ng isang *native speaker* ng wikang Ingles mula sa ibang bansa (kasama ang Pilipinas) upang magsilbing Assistant Language Teacher (ALT) sa mga paaralang Hapon sa pagtuturo ng Ingles. Ngunit dahil nga gumagampan lamang ang mga ito na assistant sa gurong Hapon, limitado pa rin ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa Ingles.

Sa Kagoshima University, may mga programa ring dinisenyo ang Global Initiative Center (GIC) upang makapagsanay ang mga mag-aaral na Hapon at mga dayuhang mag-aaral sa kani-kaniyang wika at kultura. Layunin nito na magkaroon ng interaktibong pagpapalitan ng kaalaman sa wika at kultura ang mga mag-aaral na mula sa bansang Hapon at mga mag-aaral mula sa ibang bansa. Nakakatulong ito hindi lamang sa paghahasa ng kasanayan sa wika kundi maging sa mga mag-aaral na may suliranin sa pinansyal na aspekto. Isa sa mga programa ng GIC ay ang tinatawag na *arubaito*, nakadiseno ito para sa mga dayuhang mag-aaral na bihasa sa wikang Ingles, Pranses, Mandarin, Aleman at Koreano. Layunin nito na makapagturo ang mga dayuhang mag-aaral ng wikang bihasa sila sa mga mag-

aaral na Hapon na nagnanais pang mapalawak ang kasanayan sa wikang napili at sa mga mag-aaral na nakatakdang mag-aral sa ibang bansa. Kinakailangan lamang magsumite ng aplikasyon ng mga dayuhang mag-aaral sa GIC at ibigay ang iskedyl ng libreng oras na kaya nitong magturo. Kadalasan, mayroong 4-6 na mag-aaral na Hapon sa bawat isang mag-aaral na nagtuturo. Ang oras na nakalaan ay 1 at ½ oras, isang araw sa isang linggo. Binabayaran ng unibersidad ang mga mag-aaral na guro ng 1,000 ¥ sa bawat oras na nakatutulong naman sa pinansyal nitong pangangailangan. Ang pagtuturo ay higit na nakatuon sa interaktibong pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral gamit ang wikang Banyaga kaya naman kinakailangan tutukan ang pagsasalita at pagbibigay ng opinyon ng mga mag-aaral sa bawat klase.

May programa rin na nagsisilbing *part-time job* o *arubaito* ng mga mag-aaral na Hapon na nangangailangan ng suporta sa aspektong pinansyal na tinatawag na *Global Language Table*, kinakailangan lamang manghikayat ng mga mag-aaral na Hapon ng mga dayuhang mag-aaral na makakasama upang magkaroon ng *conversation* sa Ingles tuwing *lunch break*. Malaking tulong ito sapagkat nakakabuo ng mga bagong kaibigan ang mga dayuhang mag-aaral sa panibagong kultura ng bansang kinabibilangan.

Pagtuturo ng Wikang Filipino

Batay sa pagkakabuo ng programang Filipino for Beginners sa Kagoshima University, nagsimula ito taong 2011 sa pangunguna ni Prop. Satoru Nishimura, isang Hapon na nakapangasawa ng isang Filipina kaya naman may kakayahang makapagsalita ng wikang Filipino. Nakadisenyo ang programa para sa mga mag-aaral sa kolehiyo na nasa una o ikalawang taon na nais matuto ng banyagang wika. Tinutumbasan ito ng dalawang (2) kredit na yunit.

Kadalasan, mga mag-aaral na Hapon ang kumukuha ng pag-aaral sa wikang Filipino at isa pa lamang ang naitala na mag-aaral na Pilipino o yaong mga anak ng mag-asawang Filipino-Hapon na tinatawag na Japanese Filipino Children (JFC) o kabataang Pilipino-Hapon. Ang ilang piliing mga mag-aaral din na mula sa klaseng Rural Economics of Southeast Asia ay kumukuha ng pag-aaral ng Filipino sapagkat bahagi ng kanilang klase ay ang pagkakaroon ng Palitan-Dunong o Exchange of Knowledge sa isang unibersidad sa Pilipinas. Kaya naman, bilang paghahanda, inaaral ng mga mag-aaral ang ilang basikong kaalaman sa wikang Filipino.

Lumalabas na malaking hakbang ang pagbubukas ng programang Filipino for Beginners sa Kagoshima University dahil ito ang kauna-unahang

[120] Sawa-an, Mary Joy and Parajas, Jeffrixx S.

unibersidad na matatagpuan sa Timog na bahagi ng Japan partikular sa Kyushu Island bukod naman sa Tokyo University at Osaka University na nagbukas din ng programa ng pag-aaraal sa Filipino na nasa gitnang Hilagang bahagi ng Japan. Mahalagang salik din sa pagbubukas ng Filipino for Beginners ang malaking populasyon ng mga naninirahang Filipino na maaaring mga Overseas Workers at mga nakapangasawa ng Hapon sa Kagoshima na matatagpuan ang malaking bilang sa Kagoshima City kung saan matatagpuan ang Kagoshima University. Bagamat, isa lamang ang naitala na mag-aaral na anak ng mag-asawang Pilipino-Hapon, bukas naman ang programa sa pagkakaroon ng mag-aaral na kabataang Pilipino-Hapon na nais matutuhan ang wika at kulturang Filipino.

Sinasabi rin na ang pag-aaral ng pangalawa o iba pang wika ng mga Hapon ay hindi nakatuon sa kanilang pangangailangan sa paghahanapbuhay kundi sa pagpapayabong ng kaalaman sa wika at kultura ng ibang bansa. Halimbawa nga nito ay ang mga mananaliksik at mga nagiging Exchange Student sa iba't ibang unibersidad sa Pilipinas. Kaya naman, nakatutulong ang programa upang magkaroon ng basikong kaalaman ang mga mag-aaral sa wika at kultura sa Pilipinas bilang paghahanda sa kanilang pag-aaral at pakikipamuhay sa bansa sa loob ng anim na buwan hanggang isang taon.

Nilalaman ng Silabus ng Filipino for Beginners

Mula sa silabus ng programang Filipino for Beginners, naglalaman ito ng impormasyon ukol sa programa na nasa ilalim ng General Study Subject na nangangahulugang hindi mandatory ang pagkuha nito sa mga mag-aaral na nasa kolehiyo. Tuwing ikalawang semestre o Fall Semester ang pag-aaral ng Filipino for Beginners sa loob ng 15 na linggo mula Oktubre hanggang Pebrero. Layunin ng programa na matutuhan ng mga mag-aaral ang wika at kultura ng mga Pilipino. Mayroong 15 na paksa para sa bawat linggo ang inaasahang tatalakayin sa klase. (1) Oryentasyon; (2) What is Filipino?; (3) Pronunciation; (4) Greetings 1; (5) Greetings 2; (6) Verb 1; (7) Verb 2; (8) Verb 3; (9) Pag-aaral ng gamit ng May at Wala; (10) Pag-aaral ng gamit ng Pwede; (11) Pag-aaral ng gamit ng Gusto; (12) Expression of Surprise; (13) Pagpapanood ng Video 1; (14) Pagpapanood ng Video 2 at; (15) Summary o pagbubuod. Isandaang (100) porsyento naman ng pagkukuhaan ng grado ng mga mag-aaral ay magmumula sa kanilang iskor sa gitna at pinal na pagsusulit. Bukas din sa paggamit ng iba pang aklat o reperensiya sa klase ngunit may isang aklat na pinagbabatayan ang guro na pinamagatang *Ekusu Puresu Filipino* (エクスプレスフィリピノ語) sa salin sa Ingles ay Express Filipino na isinulat ni Mamoru Tsuda. Nirerekomenda rin na kumuha ng pag-aaral ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng *Active Program* ni Prop. Nishimura o ang

programa na naglalayon magkaroon ng interaktibo na pag-aaral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng *immersion* ng mga mag-aaral sa isa sa mga unibersidad sa Pilipinas. Maging ang mga mag-aaral na kabilang sa Departamento ng Economics na makikilahok sa isinasagawang training program sa mga sakahan sa Pilipinas ay nirerekomenda ring kumuha ng pag-aaral sa wikang Filipino.

Ang Guro, Mag-aaral at Language Teaching Assistant bilang mga Sangkot sa Klase

Lumalabas naman sa isinagawang obserbasyon sa klase ng Filipino for Beginners, wikang Hapones ang ginagamit ng guro na wikang panturo sa loob ng klasrum. May pagkakahalintulad ang klase ng Filipino sa pagtuturo ng Ingles sa mga paaralan mula elementarya hanggang hayskul sa mga Hapon kung saan gumagamit ang guro ng wikang Hapon bilang midyum. Mabisa ang ganitong pamamaraan sapagkat agad na natututuhan ng mga mag-aaral ang kasanayan higit lalo sa istruktura ng wikang Filipino dahil naisasalin ang pagpapakahulugan ng mga salita at pangungusap sa wikang Hapon. Sang-ayon nga sa pag-aaral ni Sulit (2018) mula sa pag-aaral ni Yoneno-Reyes sa bilingguwalismo, ang paglinang ng pangalawang wika ng mga mag-aaral ay nasa iba't ibang lebel. Malaki ang papel na ginampanan dito ng unang wika, kung saan mas mahusay na multilingguwal ang mga mag-aaral na may sapat na kaalaman sa kanilang unang wika na kadalasang nakabase lamang sa iisang bansa. Ginagamit lamang ng guro ang wikang Ingles sa pakikipag-usap sa mga gumaganap na Language Teaching Assistant sa klase. Sa usapin ng pagkatuto ng mga mag-aaral, madaling naarok ng mga ito ang paraan ng pagbubuo ng mga pangungusap ngunit hindi madaling nakukuha ng mga mag-aaral ang paraan ng pagbigkas sa mga salitang hindi likas sa kanilang wika tulad ng **ang, mga, ng** at mga salitang may **r** na madalas nilang nabibigkas bilang **l**. At dahil ang guro ay isa ring Hapon, hindi madalas naiwawasto ang paraan ng pagbigkas ng mga mag-aaral sapagkat nahihirapan din ito kahit pa may pagkabihasa na rin sa wikang Filipino. Dagdag pa, sa pakikipanayam kay Prop. Nishimura, nagiging confusing o nakakalito rin para sa mga mag-aaral ang konsepto ng **may** at **wala** sapagkat naihalintulad nila ito sa **oo** at **hindi** (Nishimura, personal na pakikipanayam, Marso 6, 2019).

Ang aklat na pinaghahanguan ng balangkas ng lektura at mga halimbawa na ginagamit sa klase ng guro ay naisusulat sa wikang Filipino at nakasalin sa wikang Hapones dahil na rin ang guro ay nakakaunawa sa parehong wika. Maging ang mga presentasyon na ginagamit ng guro sa pamamagitan ng PowerPoint ay nakasalig sa aklat na isinulat ni Mamoru Tsuda. Mula rin sa aklat kinukuha ng guro ang mga maiikling pagsusulit o practice test sa bawat paksa na kanyang

itinuturo. Umiikot ang 15 linggong pag-aaral ng Filipino sa pag-aaral ng istruktura ng pagbubuo ng mga pangungusap sa Filipino. Ayon nga kay Prop. Nishimura ukol sa kanyang pamamaraan ng pagtuturo:

I use a textbook published in Japan. I make some additions and corrections to use for my lecture. Before teaching a class, I ask my wife who is a Filipino to check what I teach. I am especially careful about the pronunciation and spelling of Filipino words. I ask my wife and exchange students from PUP to assist my class, especially for pronunciation of skits and vocabulary (Nishimura, personal na komunikasyon, Oktubre 6, 2019).

Gampanin naman ng mga Language Teaching Assistant na isang native speaker ng wikang Filipino ang pagbigkas sa mga halimbawang usapan o conversation na tinatalakay sa klase upang masiguro ang wastong pagbigkas ng mga salita. Mula nang buksan ang programa, tumatayong Language Teaching Assistant ang asawa ng guro na isang Filipina. Hindi nagtuturo ang isang Language Teaching Assistant, sa halip ay ginagabayan lamang nito ang guro sa pagbigkas ng mga salita sa klase. Ginagamit ding estratehiya ng guro ang repeated exercise sa recitation kung saan matapos isagawa ng mga Language Teaching Assistant ang pakikipag-usap ay ginagaya ng bawat mag-aaral ang pagbigkas sa mga pangungusap at maging sa mga pagsusulit.

Sinabi naman ni Prop. Nishimura na ang kalakasan ng mga mag-aaral ang interes na matutuhan ang wika sa pag-aaral ng wikang Filipino (Nishimura, personal na komunikasyon, Oktubre 6, 2019).

Pagsasakonteksto ng *Nihonjinron* at *Kokusaika* sa Pag-aaral ng Wikang Ingles at Filipino ng mga Mag-aaral na Hapon sa Kagoshima University, Japan

Inanak ang internasyonalisasyon o *kokusaika* sa Japan matapos ang World War II dahil sa pangangailangan ng muling pagbubuo sa identidad ng mga Hapon. Ayon kay McCormack (1996), sa likod ng internasyonalisyong itinataguyod ng Japan, may paggigiit sa gampanin ng kanilang kultura at identidad sa pagpapaunlad ng kanilang ekonomiya kaya naman ang *kokusaika* ay umaanyo sa perspektiba ng Japan (self) at ng ibang bansa. Kasabay ring umingay ang usapin sa *nihonjinron* o *Japaneseness* noong matapos ang giyera dahil sa pagyabong ng Japanology o pag-aaral sa identidad at kulturang Hapon. Nakikita ang koneksyon ng *nihonjinron* sa *kokusaika* bilang pagtanaw ng ibang bansa sa kultural na identidad ng mga Hapon dahil sa internasyonalisasyon.

May angking kakaiba sa kultura ng mga Hapon sapagkat kahit kailanman ay hindi makakalimutan ng isang Hapon na siya ay Hapon. Ginamit ang termino na *national narcissism* na mula kay George DeVos o ang matinding pagyakap sa imahe ng kanilang bansa sa pamamagitan ng mga tradisyon at kultura na maaaninag sa hindi pagkalimot na maipasa ang mga tradisyonal na kultura at paniniwala sa pamamagitan ng edukasyon. Sa kadahilan na higit sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa, kinakailangan din ng matibay na pundasyon ng sa pagbuo ng imahe at identidad ng bansa. Mula rin dito, nakikitang kahinaan ng mga Hapon ang pagkatuto sa wikang Ingles kahit pa man itinuturo ito mula sa paaralang primarya sapagkat nagkakaroon ng *resistance* mula sa matinding pagyakap ng mga Hapon sa kanilang identidad. Kahit pa nga hindi naman napakahalaga ang pagkatuto ng wikang dayuhan sapagkat nagagamit lamang ito kung lalabas ang mga Hapon ng kanilang bansa o pakikipag-usap sa mga dayuhang dumarayo sa kanilang bansa, nagkakaroon ng malaking epekto ito lalo na na nagkakaroon din ng pag-uugat na ang pagkakaroon ng *national narcissism* ay maaaring magresulta sa pagiging palagiang mag-isa ng mga Hapon na nagiging salik sa kanilang mahinang kompetensya sa pakikipagkomunikasyon.

Lumalabas din na kung pagbabatayan ang teoryang Language and Power ni Fairclough na tumutuon sa ugnayan ng wika sa hindi pantay na paggamit ng kapangyarihan ng tao na nakabatay sa kanyang lipunan. Maipapalagay na nag-ugat ang tinalakay na pagtingin sa pagtuturo ng wikang Filipino at Ingles sa diskurso ng *kokusaika* na umuugat sa pagkakaroon ng reporma sa sistema ng edukasyon ng mga Hapon. Nakatuon ang repormang ito sa nasyonalismo at pagmamahal sa kultura at tradisyon. Pinaigting ang paglinang sa kamalayang pangkultura, wika at lipunang Hapon na magiging daan upang maipaunawa ang kasaysayan, kultura at tradisyon sa internasyonal na espasyo. Naging daan ito sa pangangailangan na matuto ang mga Hapon sa wikang banyaga upang maisakatuparan ang layunin nito na nakaangkla sa pagpapaunawa sa iba't ibang panig ng mundo ng kanilang lipunan. Tumatagos ang layuning ito sa diskurso ng *nihonjinron* bilang pagkintal ng sariling identidad sa mga Hapon habang sumasabay sa kalakaran ng ekonomiya at politika ng mga kanluraning bansa na tinatawag na *cultural nationalism*.

Nagresulta ang layunin ng *kokusaika* at ang ideolohiyang *nihonjinron* bilang identidad ng mga Hapon na tumatagos sa sistema ng pagkatuto ng mga mag-aaral na Hapon ng dayuhang wika. Sa Ingles, naitala noong 2017 na ang Japan ang may pinakamababang iskor sa TOEFL Speaking Test (Yokogawa, 2017). Tulad ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Kagoshima University, maoobserbahan na higit na natutuhan nila ang gramatika kaysa sa pagsasalita kaya naman maliit

[124] Sawa-an, Mary Joy and Parajas, Jeffrixx S.

na bahagdan ng kanilang pagkatuto sa pakikipagkomunikasyon o *communicative competence*.

Ikalawang salik din ang kawalan ng interkultural na kamalayan sa pagitan ng wikang inaaral o *intercultural awareness* na makikita sa pamamaraan ng pagtuturo ng dalawang wika dahil sa nagiging gampanin ng mga tumatayong Assistant Language Teacher na nagsisilbi lamang gabay sa pagtuturo ngunit hindi nakatuon sa pagsasanay sa pagkatuto sa pakikipagkomunikasyon sa wikang itinuturo.

Ikatlong salik din ang kawalan ng perspektibang global na tumatagos naman sa layuning ng pag-aaral ng dayuhang wika. Sa pakikipanayam sa ilang naging mag-aaral ng Ingles sa KU, pangmaiklian o *short term* na layunin lamang ang pagkatuto ng Ingles. Halimbawa nito ang pagkatuto upang magamit sa pakikipagkomunikasyon sa mga turistang dadalo sa gaganapin sanang Tokyo Olympics 2020 at ang nauna na ring naitala na upang makapasa ang mga mag-aaral na kukuha ng *entrance examination* sa mga prestiyosong unibersidad sa Japan at maging sa ibang bansa. Dahil naman sa malalim na ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at Japan, binuo ang programang Filipino for Beginners upang tugunan ang pangangailangan na magkaroon ng basikong kaalaman ang mga mag-aaral na Hapon na mag-aaral bilang exchange student sa Pilipinas. Maging ang mga mananaliksik at mga mag-aaral ng guro na nagmemedyor sa Economics na naglalayong magsagawa ng fieldwork sa Pilipinas. Kaya naman, isa sa mga gawain o culminating activity ng programa ay ang pagsasagawa ng Palitan-Dunong o Exchange of Knowledge ng ilang piling mag-aaral na Hapon mula sa klase na magtutungo sa isang unibersidad sa Pilipinas na magtatalakayan ng wika, kultura at lipunang Hapon at Filipino.

Ang mga mag-aaral na may pakay lamang na makapunta sa Pilipinas ang kumukuha nito at kahit ang mga kabataang Filipino-Hapon na naninirahan sa Japan ay hindi rin kumukuha ng pag-aaral sa wikang Filipino dahil sa hindi nakikitang pangangailangang bunsod ng diskurso ng *nihonjiron* bilang *cultural nationalism*. Dahil nga higit na nakalubog ang mga kabataang Filipino-Hapon sa wika at kulturang Hapon, ang pagkatuto ng wikang Filipino ay inaaral na lamang kung may pagkakataon o kung matututuhan mula sa kanilang mga ina. Kahit ang ilang mga Hapon na mag-aaral ay inaaral ang wikang Filipino para sa kapalit na dalawang (2) kredit sa kanilang grado. Dahil dito, hindi nakikitang pangangailangan ang pagpapataas sa antas ng programang Filipino for Beginners tungo sa pagiging apat na taong kurso.

KONKLUSYON

Relatibo ang wika at kultura sa isa't isa kaya naman tunay na hindi ito mapaghihiwalay lalo na sa usapin ng pagpapaunlad nito. Higit na umuunlad ang kultura kung pinaunlad din ang kakayahang pangwika hindi lamang sa paggamit nito sa pang-araw araw na pakikipagkomunikasyon maging sa iba't ibang sektor o institusyong panlipunan tulad ng edukasyon. Kaya naman, malaki ang gampanin ng pagpapaunlad ng isang pambansang wika ng bawat bansa upang makapag-ambag sa paglilining ng kanilang kultura. Tulad sa Japan, naikintal ang matinding pagmamahal sa wika at kultura ng mga Hapon na tinatawag ngang *nihonjinron* na makikita sa maunlad na paggamit ng wika sa iba't ibang institusyon tulad ng paaralan, pamahalaan at iba pang establisyimento. Tumatagos ito sa kultural na aspekto na makikita naman sa kanilang mga napapanatiling tradisyon, paniniwala at magandang asal na naipapasa sa bawat henerasyon.

Lagi mang gamitin ang Nihongo sa halos lahat ng transaksyon sa Japan, hindi naman nawalan ng espasyo ang pag-aaral ng iba pang dayuhang wika tulad ng Ingles at Filipino sa mga paaralan. Bagamat hindi lahat ng paaralan sa kabuuan ng kanilang bansa ay naghahain ng pag-aaral sa Filipino, ang Ingles naman ay inihahain sa lahat ng paaralan mula elementarya. Bahagi ang pag-aaral ng banyang wika ng mga Hapon ng kanilang pagpapalawak sa usapin ng internasyonalisasyon na tinatawag namang *kokusaika*.

Maihihilera ang Japan sa mga bansang mauunlad na kaya naman makikita mula sa isinagawang pag-aaral ang ibang pamamaraan at layunin ng pag-aaral ng banyagang wika tulad ng Ingles at Filipino. Kung ikukumpara ito sa Pilipinas na nag-aaral din ng mga banyagang wika, higit na nakatuon ang pag-aaral ng mga Hapon sa mga wikang nabanggit sa layong mapaigting ang kanilang relasyon sa iba pang bansa tulad ng pag-aaral sa ibang bansa, makapagtayo ng negosyo sa ibang bansa at turismo. Sa usapin naman ng sistema ng pag-aaral nito sa mga paaralan, makikitang higit na nakatuon ang pag-aaral ng banyagang wika sa pagpapahusay sa gramatika kaysa sa pakikipagkomunikasyon na masisipat sa paggamit ng Nihongo upang aralin ang Ingles at Filipino. Sa Pilipinas, higit na nakatuon ang layunin ng pag-aaral ng mga banyagang wika para sa ekonomikong pagpapaunlad bilang indibiduwal at isang bansa na makikitang isa sa mga dahilan ay ang pangingibang bansa o migrasyon. Kahit ang sistema ng pag-aaral ng mga wika na ito ay hindi rin nagagamit madalas ang wikang Filipino dahil nakatuon ang pagpapahusay hindi lamang sa gramatika kung hindi maging sa pakikipagkomunikasyon.

Bagamat makikitang may malaking espasyo ang pag-aaral ng dayuhang wika tulad ng Ingles at higit lalo ang Filipino sa Japan na nakatutulong sa pagpapaunlad hindi lamang sa kaalaman sa wika at kultura ng mga nasabing wika ng mga mag-aaral na Hapon kundi maging sa paglilinang ng dayuhang wika sa global na espasyo sa usapin ng intelektuwalisasyon, dahil nga sa higit na nakatuon ang pag-aaral ng Ingles at Filipino sa gramatika, inirerekomenda ng pag-aaral na ito na magkaroon ng pagpapalakas sa pag-aaral ng dayuhang wika sa usapin ng komunikasyon.

MGA SANGGUNIAN

- Befu, H. and Mannari H. (1983). *Internationalization of Japan and Nihon bunkaron*. In: Hiroshi Mannari and Harumi Befu (eds.): *The Challenge of Japan's Internationalization: Organization and Culture*. Nishinomiya: Kwansei Gakuin University; Tokyo and New York: Kodansha International, pp. 232-266.
- Befu, H. 1993. '*Nationalism and nihonjinron*'. In *Cultural nationalism in East Asia: Representation and identity*, edited by Befu, H. Berkeley, CA: Institute of East Asian Studies.
- Befu, H. (2001) *Hegemony of Homogeneity: An Anthropological Analysis of Nihonjinron*. Melbourne: Trans Pacific Press.
- Goodman, R. (2007). "The Concept of Kokusaika and Japanese Educational Reform." *Globalisation, Societies and Education* 5 (5): 71-87.
- Kubota, R. (1998). Ideologies of English in Japan. *World Englishes* 17, (3) 295-306. New Jersey: Blackwell Publishers Ltd.
- Kubota, R. (2002) The impact of globalization on language teaching in Japan. In D. Block and D. Cameron (eds) *Globalization and Language Teaching* (pp. 1328). London: Routledge
- Liddicoat, A. J. (2007). Internationalising Japan: Nihonjiron and the intercultural in Japanese language-in-education policy. *Journal of Multicultural Discourses* 2, (1) 32-46.
- Manabe K. & Harumi B. (1993). Japanese Cultural Identity, *Japanstudien*, 4:1, 89 102, DOI: 10.1080/09386491.1993.11827036

- McCormack, G. (1994). Kokusaika, Nichibunken, and the question of Japan-bashing, *Asian Studies Review*, 17:3, 166-172, DOI: 10.1080/03147539408712964
- Morita, T. (1988). Rinkyoshin to nihonjin, nihonbunkaron. The ad hoc Council on Education and the Studies on the Uniqueness of Japanese). Tokyo: Shin Nihon Shuppansha.
- Morita, L. (2017). Why Japan needs English, *Cogent Social Sciences*, 3:1, DOI: 10.1080/23311886.2017.1399783
- Morris-Suzuki, T. (1998). Re-inventing Japan. Armock, New York: M. E. Sharp.
- Mouer, R. and Sugimoto, Y. (1986) Images of Japanese Society: A Study on the Structure of Social Reality. London and New York: Kegan Paul International.
- Nomura Sogo Kenkyusho (1978). Nihonjinron. Tokyo: Nomura Sogo Kenkyusho.
- Phan L. H. (2013) Issues surrounding English, the internationalisation of higher education and national cultural identity in Asia: a focus on Japan, *Critical Studies in Education*, 54:2, 160-175, DOI: 10.1080/17508487.2013.781047
- Rear, D. (2017). A Critical Analysis of Japanese Identity Discourse: Alternatives to the Hegemony of Nihonjinron. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, Vol. 53:2.
- Rosenkjar, P. (2015). An internship in communicative English teaching. In S. Horiguchi, Y. Imoto, & G. S. Poole (Eds.), *Foreign language education in Japan: Exploring qualitative approaches* (pp. 147–166). Rotterdam: Sense Publishers. 10.1007/978-94-6300-325-4
- Sawa-an, M. J. (2019). Filipino for Beginners: Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Mag-aaral na Hapon sa Kagoshima University, Japan. *Thesis*. Polytechnic University of the Philippines.
- Steele, D., & Zhang, R. (2016). Enhancement of teacher training: Key to improvement of English education in Japan. *Procedia – Social and Behavioral Sciences* 217 (2016), 16–25. 10.1016/j.sbspro.2016.02.007
- Stewart, A., & Miyahara, M. (2011). Parallel universes: Globalization and identity in English language teaching at a Japanese university. In P. Seargeant (Ed.), *English in Japan in the era of Globalization* (pp. 60–79). Basingstoke: Palgrave Macmillan. 10.1057/9780230306196

- Sugimoto, Y. and Mauer, R. (1982). *Nihonjin wa nihon teki ka? (Are the Japanese typical Japanese?)*. Tokyo: Tokyo Keizai Shinposha.
- Sugimoto, Y. (1999) Making sense of Nihonjinron. *Thesis Eleven* 57 (May), 81-96.
- Sulit, A.G. (2018). *Ang naratibo ng mga kabataang Filipino-Hapon sa Maligaya House: Suliranin at salik sa paglinang ng wikang Nihongo at pagbuo ng identidad*. Polytechnic University of the Philippines.
- Van D., Teun A. (2001). offers this definition of CDA in '*Multidisciplinary Critical Discourse Analysis: A plea for diversity*.'
- Yamamoto, K. 2015. "The Myth of Nihonjinron, Homogeneity of Japan and its Influence on the Society." CERS Working Paper 2015: 1–6. <https://cers.leeds.ac.uk/wp-content/uploads/sites/97/2016/04/The-myth-of-%E2%80%9CNihonjinron%E2%80%9D-homogeneity-of-Japan-and-its-influence-on-the-society-Kana-Yamamoto.pdf>.
- Yokogawa, A. (2017). Can Japan, with the Asia's lowest TOEFL speaking score, change?. *meiji.net*: <https://english-meiji.net/articles/50/>
- Zafra, G. S. (2012). *Ang patakaran at pamamahala ng programang pangwika sa Filipino sa Osaka University*. Retrieved from <https://www.scribd.com/document/102671686/2012-06-10-Paper-Philippine-Studies-Sa-Osaka-University>.

ABOUT THE AUTHORS

Mary Joy Sawa-an is currently a faculty member at the Polytechnic University of the Philippines in the Department of Filipinology, College of Arts and Letters. She also serves as the Managing Editor of the *Bisig and Education Review Journal* of PUP under the Research Publication Office. Earned a Master of Arts in Filipino (MAF) degree at PUP Graduate School last 2019. Currently taking up a Doctor of Philosophy in Philippine Studies at the University of the Philippines—Diliman.

Jeffrixx S. Parajas is currently a full-time faculty member at Polytechnic University of the Philippines-Taguig Branch. Currently taking up Master of Arts in Filipino (MAF) degree at PUP Graduate School.